# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

## Pagtukoy ng Kayarian ng Pangungusap

*Panuto:* Isulat ang titik **P** sa patlang kung ang kayarian ng pangungusap ay *payak*, **T** kung ito ay *tambalan*, at **H** kung ito ay *hugnayan*.

_____ 1. Ang pangulo ay umakyat sa entablado at nagbigay ng talumpati.

_____ 2. Mamamasyal kami sa plaza pagkatapos namin magsimba.

_____ 3. Malalaki ang mga silid-tulugan at malinis ang malaking bakuran.

_____ 4. Pumasok ang mga bata nang marinig nila ang tunog ng kampanilya.

_____ 5. Ang blusa ay maganda ngunit hindi ito kasya sa akin.

_____ 6. Kung wala akong kasama, hindi ako papayagan na umalis ng bahay.

_____ 7. Nahuli sa klase si Tom dahil hinatid pa niya ang kanyang kapatid.

_____ 8. Kumakain ng almusal si Kuya Noel at nagbibihis si Ate Sonia sa kuwarto.

_____ 9. Nagpatahi ng bagong uniporme si Natalie sa kanyang tita na modista.

_____ 10. Alamin natin ang mga karapatan ng bawat batang Filipino.

_____ 11. Papaliguan namin ang aso o didiligan namin ang mga halaman.

_____ 12. Pinapakain ni Aling Puring ang inahing manok at ang mga sisiw.

_____ 13. Ako ang susundo sa iyo kapag may pupuntahan si Nanay.

_____ 14. Nahuli ng mga pulis ang lalaki na napaghinalaang nagnakaw ng mga alahas.

_____ 15. Unti-unting nauubos ang mga puno at nawawalan ng mga tirahan ang mga hayop.

_____ 16. Hindi tayo makakaalis habang malakas pa ang buhos ng ulan.

_____ 17. Mahilig mag-alaga ng iba't ibang hayop ang kapatid ko.

_____ 18. Dahil masipag at desidido siya, nakatayo siya ng sarili niyang negosyo.

_____ 19. Umalis ako sa bahay nang maaga subalit wala akong masakyan na dyip.

_____ 20. Kapayapaan at kaayusan ay nais ng mga mamamayan sa Mindanao.